

Ano ang kailangan mong malaman tungkol sa...

# Pagkuha ng Temperatura ng Inyong Anak

**Kapag may sakit ang isang bata, ang unang bagay na maaaring itanong ng opisina ng doktor ay, "Ano ang kanyang temperatura, at paano mo ito kinuha?" May maraming klaseng mga termometro at mga pamamaraan sa pagkuha ng temperatura ng inyong anak, kaya makakatulong na malaman ninyo kung ano ang inirerekomenda sa bawat edad.**

Ang mga basic na digital na termometro ay isang magandang mapipili. Ang mga ito ay wasto, mabilis, madaling gamitin, mura, at maaaring gamitin sa ibat-ibang pamamaraan ng pagkuha ng temperatura: sa puwet (tumbong), sa pamamagitan ng bibig (oral), o sa kili-kili. **Tandaan:** Ang isang termometro na ginamit para sa pagkuha ng mga temperatura sa tumbong ay hindi na dapat gamitin sa ibang mga pamamaraan.

## Ang mga sanggol na mas bata sa 3 buwan

Ang pamamaraan sa tumbong ay ang pinakamaasahan para sa maliliit na mga sanggol. Kung ang inyong sanggol ay mas bata sa 3 buwan ang edad at mayroong temperatura na 100.4°F o mas mataas pa, makipag-ugnayan sa inyong doktor kaagad. Ang mga sanggol na ganito kaliit ay kailangang i-tsek para sa impeksiyon o sakit.

**Para makakuha ng isang temperatura sa tumbong:** Hugasan ang termometro, pagkatapos banlawan gamit ang malamig na tubig. Pahiran ang dulo ng petroleum jelly. Pahigain ang bata na nakatihaya na nakatupi ang tuhod o nakadapa sa kaniyang tiyan man. Hawakan ang bata na hindi makagalaw, ipasok ang termometro 1/2 hanggang 1 pulgada sa puwet. Hayaan hanggang tumunog, pagkatapos ay tanggalin para basahin.

## Ang mga bata na mas mababa sa 4 na taong gulang

Aktibo, mas matatanda na mga bata ay maaring hindi makikipagtulungan ng maayos sa pamamaraan na tumbong. Isa pang opsyon ay ang pamamaraan sa kili-kili, pero ito ay hindi gaanong tama. Ang isang pagbasa sa kili-kili ay maaaring umabot sa hanggang 2 antas na mas mababa kaysa isang panloob na pagbabasa sa tumbong.

**Para makakuha ng isang temperatura sa kili-kili:** Tanggalin ang pantaas na damit ng inyong anak. Seguraduhin na tuyo ang kili-kili. Idiin ang dulo ng termometro sa kili-kili. Panatilihiing higgpit na nasa gilid ng bata ang kanyang braso. Hayaan hanggang tumunog, pagkatapos tanggalin para basahin.

## Mga batang may edad na 4 at pataas

Para sa mas matatanda na mga bata, ang isang temperatura na kinuha sa pamamagitan ng bibig ay tama kung ito ay wastong kinuha (ang inyong anak ay dapat mapirmi sa lugar ang termometro sa sapat na tagal ng panahon upang makakuha ng pagbabasa).

**Para makakuha ng isang oral na temperatura:** Hugasan ang termometro, pagkatapos ay banlawan gamit ang malamig na tubig. Ilagay ang dulo sa ilalim ng dila ng inyong anak, malapit sa likuran ng bunganga. Hayaan hanggang tumunog, pagkatapos ay tanggalin para basahin.

**Kung mayroon kayong mga katanungan o mga alalahanin, makipag-usap sa inyong doktor.**

## Iba pang mga paraan sa pagkuha ng temperatura ng inyong anak

- **Ang mga termometro para sa tainga** ay mabilis at maginhawa, pero maaaring mapanlinlang na gamitin.
- **Mga termometro sa temporal na arterya** ay pinapahid sa noo. Maaaring maasahan ang mga ito ngunit ito ay mas mahal.
- **Mga strip para sa lagnat at mga pacifier na termometro** ay hindi nirerekomenda ng American Academy of Pediatrics.



Ang impormasyon na ito ay hinango mula sa at sinuri ng BabyCenter.